



Ang Kwento ni David

④ Iniligtas ng Diyos si David sa pamamagitan ng isang tapat na kaibigan

Narrator Naging isang pambansang bayani si David pagkatapos niyang talunin ang mga Filisteo at si Goliath.

People "Mabuhay si David! Mabuhay si David!"

Narrator Kinilala rin ni Haring Saul ang tapang at tagumpay ni David at itinalaga siyang pinuno at tagapagtanggol ng bansa. Saanman siya pumunta, si David ay nagpakita ng karunungan at sinundan siya ng mga Israelita at mga lider nito.

People 1 "Napakamahusay si Haring Saul, pero sa mga araw na ito, mas lalong malakas at makapangyarihan si

People pinunong David!"

"Purihin si pinunong David! Purihin siya, Purihin siya!"

People 2 "Si pinunong David ang pinakamahusay sa buong Israel!"

Narrator Ngunit hindi naging masaya si Haring Saul habang lumalaki ang kasikatan ni David.

Saul "Hmm..."

Narrator Lalong naging seloso si Haring Saul kay David, hanggang isang araw, kinamumuhian na niya ito.

Saul "Mas gusto ng mga tao si David kaysa sa akin. Si David ay magtatanggal sa akin at aangkinin ang trono.

Walang duda tungkol dito! Kung hindi ko siya maaalis ngayon, kami ng aking pamilya ay nasa malalang panganib. Kailangan kong mawala siya! Ng tuluyan!"

Narrator Mula noon, sinubukan ni Haring Saul na patayin si David sa pamamagitan ng pag-uutos sa kanyang mga tauhan. Sinubukan pa niyang patayin si David mismo sa pamamagitan ng pagtapon ng sibat sa kanya.

Saul "Bakit, ikaw~~~~~! Mamatay ka!!! [Shooooooooong]"

David "Arrrrgh!"



Narrator Sa oras na iyon, nabalitaan ni Jonathan, ang anak ni Haring Saul, na malaki ang panganib na kinakaharap ni David. Labis siyang nag-aalala para dito.

Narrator Si Jonathan at si David ay magkaibigan nang matagal at may malalim na koneksyon. Sila ay laging magkasama, sa kaligayahan at kalungkutan, at sila ang pinakamalalapit na magkaibigan na labis na nagmamahalan.

Narrator Kaya't dapat lamang na si David ay humingi ng tulong kay Jonathan na oras ng kanyang panganib.

David "Jonathan! Ano bang kasalanan ko at gusto akong patayin ng iyong ama? Ano bang nagawa kong mali? Jonathan! Ako'y sobrang natatakot na..."

Jonathan "David~ ikaw at ako ay iisang tao! Hayaan mo munang malaman ko ang tunay na puso ng aking ama. At kung nais ka niyang patayin! Gagawin ko ang lahat ng aking makakaya para mapanatili kang ligtas. Huwag kang mag-alala, David, at matulog ka nang mahimbing ngayon... Humihingi ako ng paumanhin sa ngalan ng aking ama..."

Jonathan "David~~ Hindi ko iintindihin kung hindi ako ang maging hari. Ang importante sa akin ay ikaw ay ligtas at mabuti. Sapat na iyon sa akin. Pananatilihin ka ng Diyos na ligtas, kaya kung sakaling maging hari ka, ipinapangako ko na ipagtatanggol kita at ang iyong pamilya."

David "Kung mabubuhay ako at maging hari, ipinapangako ko na ilalayo kita at ang iyong pamilya mula sa panganib."

Jonathan [Sumunod na araw] "Ama, bakit mo gustong patayin si David? Ano bang kasalanan niya at nagiging ganito ka kalupit sa kanya?"

Saul "Ikaw, hangal! Hindi mo ba naiintidihan na ang pagkaibigan mo kay David ay isang kahihiyan sa ating pamilya?"





Saul Hangga't buhay si David, hindi ka maging hari ng bansang ito at magiging peligro ang buong pamilya natin. Kaya't dalhin mo si David sa akin agad! Dapat siyang patayin kaagad!"

Jonathan "Ama, pero wala namang kasalanan si David. Itigil mo na itong kahibangan mo!"

Saul "Ikaw, hangal~~~ gusto mo bang mamatay ka rin!! Sige, dahil pinipili mong tumayo kay David, papatayin kita rin!"

Narrator Naisip ni Jonathan na determinado ang kanyang ama na patayin si David. Tumakbo siya palabas ng silid na puno ng pagkalungkot at hindi kumain ng kahit ano.

Narrator Kinabukasan, natagpuan ni Jonathan si David na nagtatago at sinabihan siyang tumakas. Nagpaalam sila sa isa't isa. Nagyakapan sila at umiyak.

Jonathan "AAAaaah~~"

David "Ako rin, waaaah~~~"

Mouse 1 "Waaah~~"

Mouse 2 "Ako rin, waaaah~~~"

Narrator Nakamasid si Jonathan nang may lungkot kay David habang tumatakbo ito palayo, at patuloy siyang umiyak.

Jonathan "Haaaaah~~"

Narrator Si David ay patuloy na umiyak, na iniisip si Jonathan na tumutulong sa kanya mula sa malayo, habang siya'y tumatakbo palayo.

David "Ako rin, aaaah~~~"

Clouds "Waaah~~"

Moon "Ako rin, waaaah~~~"

Narrator Mula sa araw na iyon, naging mahirap ang buhay ni David. Ang kaligayahan na kaniyang naranasan noon ay nawala na. Kinailangan niyang palaging labanan ang banta ng kamatayan at tumakas tulad ng isang palaboy. Ano kaya ang mangyayari kay David?

